**Mga umiiral at binabalak na hakbangin**
**sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay sa lahi**

**Awtoridad sa Pananalapi ng Hong Kong**

Ang Awtoridad sa Pananalapi ng Hong Kong (Hong Kong Monetary Authority) (HKMA) ay ang institusyon sa pagbabangkong sentral ng Hong Kong. May apat na pangunahing tungkulin ang HKMA:

- pagpapanatili ng katatagan sa pananalapi sa loob ng balangkas ng Sistema ng Nakaugnay na Antas ng Palitan;
- pagtataguyod ng katatagan at integridad ng sistema ng pananalapi kasama ang sistema ng pagbabangko;
- pagtulong sa pagpapanatili ng katayuan ng Hong Kong bilang isang sentro ng internasyonal na pananalapi kasama ang pagpapanatili at pagpapaunlad ng imprastraktura sa pananalapi ng Hong Kong; at
- pangangasiwa ng Pondo ng Palitan.

Pinahahalagahan ng husto ng HKMA ang pagtataguyod ng pantay na akses sa mga serbisyo nito ng lahat ng mga miyembro ng publiko na hindi inaalintana ang kanilang lahing pinagmulan.

## A. <u>Akses sa iba’t ibang pampublikong serbisyo at impormasyon na ibinibigay ng HKMA</u>

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong Kinauukulan | ● Nagbibigay ang HKMA ng iba’t ibang serbisyo at impormasyon sa pangkalahatang publiko na naaayon sa mga tungkulin ng HKMA. |
| Mga Umiiral na Hakbangin | ● Lahat ng impormasyon ay available sa Ingles at Tsino sa opisyal na website ng HKMA, Sentro ng Impormasyon, mga plataporma sa social media, mga pilas at polyeto ng impormasyon hangga’t maaari.<br><br>● Ang mga serbisyo ng pagtatanong at paghawak ng reklamo ng HKMA ay available kapwa sa nakasulat at pasalitang Tsino at Ingles. |

- Isang nakatuong webpage (https://www.hkma.gov.hk/eng/smart-consumers/information-in-other-languages/) ang binuo sa seksiyon ng "Mga Matatalinong Mamimili" ng opisyal na website ng HKMA upang magbigay ng impormasyon sa walong wika (hal. Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese) na may kinalaman sa mga sumusunod na paksa:
  - Pagbubukas ng account
  - Karta sa Patas na Pagtrato sa mga Mamimili
  - Mga tip sa seguridad sa paggamit ng mga Automated Teller Machine (mga ATM)
  - Mga Pangkalahatang Saligan ng Kodigo sa Kasanayan ng Pagbabangko
  - Pag-unawa sa Mga dormant na account
  - Pinansiyal na kalusugan
  - Iskema ng Proteksiyon sa Deposito

| | |
|---|---|
| Pagtatasa ng Hinaharap na Trabaho | • Nirerepaso ng HKMA ang mga serbisyo nito sa pana-panahon at gagawa ng mga makabubuting pagbabago kung saan kinakailangan na inaalintana ang puna / mga mungkahi mula sa kawani nito at mga miyembro ng publiko. |
| Mga Karagdang Hakbangin na Ginawa/Gagawin | • Naglagay ang HKMA ng mga libreng serbisyo ng interpretasyon sa telepono para sa mga miyembro ng publiko tulad ng naaangkop kung gusto nilang magtanong o magreklamo sa pamamagitan ng mga hotline ng HKMA ngunit hindi nakapagsasalita ng Ingles o Tsino. Sinasaklaw ng mga serbisyo ng interpretasyon ang walong wika na kung papangalanan ito ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu, at Vietnamese.. |

## B. Pagsasanay ng kawani

| | | |
|---|---|---|
| Mga Serbisyong Kinauukulan | ● | Nagbibigay ang HKMA ng pagsasanay sa kawani upang padaliin ang pagpapatupad ng mga tungkulin nito ayon sa batas. |
| Mga Umiiral na Hakbangin | ● | Regular na inoorganisa / pinaaabot ang pagsasanay, mga pagsusulit at abiso ng email upang painamin ang kamalayan sa at pagiging sensitibo sa mga usapin laban sa diskriminasyon ng kawani. Ang mga nararapat na alituntunin at ordinansa ay sentralisado rin sa isang sentro ng kaalamang virtual na in-house para sa madaling pagsasangguni ng kawani. |
| Pagtatasa ng Hinaharap na Trabaho | ● | Nirerepaso ng HKMA ang mga programa nito sa pagsasanay sa pana-panahon at gagawa ng mga makabubuting pagbabago kung saan kinakailangan na inaalintana ang puna / mga mungkahi mula sa kawani nito. |
| Mga Karagdang Hakbangin na Ginawa/Gagawin | ● | Pagsasanay para sa kawani ay isinasagawa sa regular na batayan sa pakikipagtulungan sa Komisyon ng mga Pantay na Oportunidad at iba pang naaayong organisasyon. |

Para sa mga pagtatanong na nauukol sa aming mga hakbangin sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay sa lahi, pakikontak si Bb Karen Li, Tagapamahala (Pagpapaunlad ng Korporasyon), sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan -

| | | |
|---|---|---|
| Numero ng telepono | : | 2597 0722 |
| Numero ng fax | : | 2509 9192 |
| Email | : | publicenquiry@hkma.gov.hk |
| Tirahan ng Koreo | : | Ika-55 na Palapag, Dalawang Sentro ng Internasyonal na Pananalapi, 8 Kalye ng Pananalapi, Sentral, Hong Kong |

**Awtoridad sa Pananalapi ng Hong Kong**
**Mayo 2023**